# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HALAW SA MGA KATITIKAN NG 74 KARANIWANG PULONG NANG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY NANG IKA-28 NG SETYEMBRE TAONG 2000 SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY SA LALAWIGAN NG RIZAL.**

- -------------
-

**MAY KATHA: KGG. FELIMON M. SANTOS - KONSEHAL**

- -------------

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Adelina T. Reyes | - | Pangalawang Punong Bayan Tagapangulo |
| Kgg. Fernando R. Cabitac,Jr | - | Konsehal |
| Kgg..Randy S. San Juan | - | " |
| Kgg.. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Carlito G. Gonzaga | - | " |
| Kgg. Ceferino R. Resurreccion,Jr | | " |
| Kgg. Felimon M. Santos | - | " |
| Kgg. Janet DL. Mercado | - | " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Aldin B. Gatapia | - | Pangulo ng Sanggunian Ng Kabataan |

**DI DUMALO:**

Kgg. Noel Ireneo E. Reyes - Konsehal (O.B.)

-------------

**<u>KAUTUSANG BILANG 23</u>**

**KAUTUSAN NAGSUSUSOG SA KAUTUSAN BILANG 21 SERYE NG TAONG 1983 PARTICULAR SA KAPARUSAHAN NASASAAD DITO**

**KAUTUSAN NAGHIHIGPIT NA NAGBABAWAL SA SINO MANG TAO WALA PANG LABING WALONG TAONG GULANG NA BUMILI NG ALAK AT MGA NAKAKALASING NA INUMIN SA LUGAR, PUBLIKO GAYA NG TINDAHAN, PALAMIGAN (REFRESHMENT) GASOLINAHAN, LUGAR KAINAN O (RESTAURANT) GROCERIA AT IBA PANG KAURI NITO NA NASASAKOP NG BAYANG ITO NANAGTATALAGA SA MGA IPINATAW NA PARUSA AT IBA PANG PANANAGUTAN AYON SA KAUTUSANG ITO.**

SANG-AYON, sa kapangyarihan na ipinagkaloob ng "Republic Act 7160" na lalong kilala sa katawagan ng localGovernment Code of 1991 ang Sangguniang Bayan ay nag-uutos na:

SECCION 1. Ang kautusan bilang 21 serye ng taong 1983 na sinusugan gayang mga sumusunod:

SECCION 2. Mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang tao na magmamay-ari ng tidahan Sari-sari, Palamigan, Lugar kainan, Groceria, Gasolinahan at iba pang kauri nito na magpainom ng ano mang uri ng inumin nakakalasing o alak gaya ng Beer, Gin, Whisky, Brandy at iba pang kauri nito sa harap ng mga tindahan nabangit at iba pang kauri nit ng walang kaukulang permiso ano mang oras mula umaga hanggang gabi;

SECCION 3. Mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang tao na magmamay-ari ng tindahan, sari-sari, palamigan, lugar kainan , groceria at iba pang kauri nito na magbili at magpainom ng ano mang uri ng inumin nakakalasingo alak gaya ng Beer, Gin, Whisky, Brandy at iba pang kauri nito, sa mga taong wala pang Labing Walong Taong (18) gulang ano mang oras umaga hanggang gabi (Anytime of the day and night, round the clock);

SECCION, 4. Mahigpit ding pinagbabawal sa sino mang tao na wala pang labing walong taong gulang na bumili ng mga nakakalasing na inumin sa mga lugar na binangit sa Seccion 3 ng kautusang ito, at mahigpit ding ipinagbabawal ang pag-inom nito anumang oras;

SECCION, 5. Ang may-ari, namamahala o nagtitinda sa lugar kainan, groceria, gasolinahan at tindahan ,sari-sari na naptunayan na lumabag sa kautusang ito o alin mang kauri: nito ay papatawan ng multang P 1,000.00 sa unang paglabag P 1,500.00 sa ikalawang paglabag at Dalawang Libo Limang Daan (P2,500.00) Piso sa ikatlong paglabag;

SECCION 6. Ang sino mang tao na wala pang Labing Walong (18) Taong Gulang na lumabag sa kautusan ito o alin mang kauri nito ay papatawan ng multang P 150.00 sa unang paglabag P 300.00 sa ikalawang paglabag at ikatlo P 500.00 ng hindi lalagpas ng Dalawang Libo Limang Daan (P2,500.00) piso o' pagsisilbi sa komunidad na ayon sa kapasyahan ng hukuman;

SECCION 7. Kung sakalit ang atin mang seksyon o bahagi ng kautusang ito ay ideklarang imbalido o illegal, ang iba pang probisyon na hindi apektado ay mananatiling balido.

SECCION 8. Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

PINAGTIBAY, ngayong ika- 28 ng Setyembre taong 2000 dito sa Session Hall Gusaling Pambayan Taytay, Rizal

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan ng kapasiyahang ito na pinagtibay parin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang bayan ng taytay sa naganap na 74 karaniwang pulong nang ika-28 ng Setyembre taong 2000 sa bulwagang kapulungan ng gusaling Pambayan ng Taytay.

**SONIA C. SAMSON**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA**

**ADELINA TAMAYO-REYES.M.D.**
Nanunuparang Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**JUNE V. ZAPANTA**
**Nanunuparang Punong Bayan**